# SOCIAL SECURITY

Ang mga benepisyo ng Social Security ay makukuha ng mga indibiduwal na tagabigay ng serbisyo na 18 taong gulang o mas matanda pa at hindi ng magulang ng employer/tumatanggap ng serbisyo. Makukuha ang mga benepisyo kung ikaw ay magiging ganap na baldado o magreretiro at natutugunan ang ilang kinakailangan sa pagiging karapat-dapat. Mayroong pagbabawas mula sa iyong paycheck para sa Social Security (FICA). Kabilang sa mga benepisyo ang buwan-buwan na mga pagbabayad sa iyo o sa mga umaasa sa iyo para sa pagreretiro o pagiging baldado. Kailangan mong makipag-ugnayan sa iyong lokal na Opisina ng Social Security Administration para sa impormasyon at/o para mag-apply para sa Social Security. Ang numero ng telepono at address ng opisinang ito ay nakalista sa mga white page ng iyong telephone book sa ilalim ng "United States Government, Social Security Administration."

# BUWIS NG MEDICARE

Ang Medicare ay ang mga benepisyo sa kalusugan at medikal na natatanggap bilang bahagi ng kabuuang package ng mga benepisyo mula sa Social Security. Dati, ang pagbawas sa buwis ng Medicare ay bahagi ng pagbawas sa buwis ng Social Security (FICA). Hinihiling na ngayon ng pederal na batas na magkahiwalay na ibawas ang buwis at halaga. Ang mga tanong tungkol sa buwis ng Medicare ay dapat ipaabot sa Social Security Administration.

# INSURANCE NG ESTADO PARA SA PAGIGING BALDADO (STATE DISABILITY INSURANCE, SDI)

Makukuha mo ang mga benepisyo ng State Disability Insurance kung ikaw ay magiging baldado at pipigilan mula sa paggawa ng iyong regular na gawain at natutugunan mo ang ilang kinakailangan para sa pagiging karapat-dapat. Mayroong pagbawas mula sa iyong paycheck para sa SDI. Makukuha ang mga benepisyo ng State Disability Insurance para sa hanggang 52 linggo. Kailangan mong makipag-ugnayan sa lokal na opisina ng Kagawaran ng California para sa Pagbuo ng Trabaho (California Employment Development Department, EDD) para sa impormasyon at/o para mag-apply para sa State Disability Insurance. Ang numero ng telepono at address ng opisinang ito ay nakalista sa mga white page ng iyong telephone book sa ilalim ng "California State of, Employment Development Department."

Kung ikaw ay magulang, asawa o anak ng taong binibigyan mo ng mga serbisyo, maaari mong piliing lumahok sa programa ng SDI sa pamamagitan ng pag-apply para sa Opsyonal na Insurance ng Estado para sa Nabalda (Elective State Disability Insurance). Makukuha ang mga form para sa pagsakop sa Elective SDI mula sa manggagawa ng county para sa mga serbisyong panlipunan (social services worker). Kung gusto mo ang opsyonal na pagsakop na ito, ibabawas ang halaga mula sa iyong paycheck. Awtomatikong sinasakop ang lahat ng ibang Indibiduwal na Tagabigay ng Serbisyo para sa SDI kung mayroon silang sahod sa IHSS tuwing tatlong buwan na labis sa $750.

# INSURANCE PARA SA WALANG TRABAHO (UNEMPLOYMENT INSURANCE, UI)

Maaari kang makakuha ng mga benepisyo ng Unemployment Insurance (UI) kung hindi ka magulang o asawa ng iyong employer/tumatanggap ng serbisyo at nawalan ka ng trabaho, hindi baldado at makakapagtrabaho at natutugunan mo ang ilan sa kinakailangan para sa pagiging karapat-dapat. Walang ibabawas mula sa iyong paycheck para sa UI. Makukuha ang mga benepisyo ng Unemployment Insurance para sa hanggang 26 na linggo. Kailangan mong makipag-ugnayan sa iyong lokal na opisina ng California Employment Development Department para sa impormasyon at/o para mag-apply para sa Unemployment Insurance. Ang numero ng telepono at address ng opisinang ito ay nakalista sa mga white page ng iyong telephone book sa ilalim ng "California State of, Employment Development Department."

# KABAYARAN SA MGA MANGGAGAWA

Makakakuha ka ng mga benepisyo ng Kabayaran sa Mga Manggagawa kung masasaktan ka sa trabaho o magkakasakit dahil sa iyong trabaho, at natutugunan mo ang ilan sa kinakailangan para sa pagiging karapat-dapat. Walang ibabawas mula sa iyong paycheck para sa Kabayaran sa Mga Manggagawa. Kung nasaktan ka sa trabaho, dapat magpatingin ka kaagad sa doktor at abisuhan ang iyong employer/social services worker ng county para sa tumatanggap ng serbisyo. Makakakuha ng mga form sa paghahabol para sa Kabayaran sa Mga Manggagawa mula sa social services worker ng county at dapat ibalik sa County Welfare Department kapag nakumpleto na.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Kabayaran sa Mga Manggagawa, maaari mong tawagan ang isang Opisyal para sa Impormasyon at Tulong sa 1-800-736-7401.

## PAGBAWAS NG BUWIS SA KITA

Maaari mong ibawas ang pang-estado at pederal na buwis sa kita mula sa iyong paycheck kung mag-a-apply ka at natutugunan ang ilan sa kinakailangan para sa pagiging karapat-dapat. Ganap na boluntaryo ang pagbawas ng buwis sa kita para sa mga indibiduwal na tagabigay ng serbisyo. Kung gusto mong ibawas mula sa iyong paycheck ang pang-estado at pederal na buwis sa kita, mangyaring kumpletuhin ang Income Tax Withholding Form (W-4) at ipadala ito sa iyong county welfare department. Kung ayaw mong ibawas mula sa iyong paycheck ang pang-estado at/o pederal na buwis sa kita, kailangan mo pa ring mag-file ng tax return sa pagtatapos ng taon at malamang na magbayad ng mga buwis sa iyong mga kinita. Kailangan mong makipag-ugnayan sa iyong employer/social service worker ng county para sa tumatanggap ng serbisyo kung kakailanganin mo ang karagdagang W-4, kailangang baguhin ang iyong ibabawas, o kailangang malaman ang katayuan ng iyong pagbawas.

Kailangan mong makipag-ugnayan sa iyong lokal na opisina ng California Franchise Tax Board (FTB) para sa impormasyon tungkol sa pagbawas ng estado sa buwis mula sa kita. Ang numero ng telepono at address ng opisinang ito ay nakalista sa mga white page ng iyong telephone book sa ilalim ng “California, State of, Franchise Tax Board.” Kailangan mong makipag-ugnayan sa iyong lokal na opisina ng Internal Revenue Service (IRS) para sa impormasyon tungkol sa pederal na pagbawas ng buwis sa kita. Ang numero ng telepono at address ng opisinang ito ay nakalista sa mga white page ng iyong telephone book sa ilalim ng “United States Government, Internal Revenue Service.”

## NAKUHANG KREDITO PARA SA KITA (EARNED INCOME CREDIT, EIC)

Maaari kang maging karapat-dapat para sa Earned Income Credit (EIC). Para malaman ang tungkol sa EIC at kung karapat-dapat ka, maingat na basahin ang mga tagubilin para sa pagkumpleto ng form W-5 (Earned Income Credit Advance Payment Certificate). Kung karapat-dapat ka para sa EIC, maaari mong piliing maagang makuha ang kredito sa iyong bayad sa halip na maghintay hanggang sa mag-file ka ng iyong tax return. Kailangan mong makipag-ugnayan sa iyong lokal na opisina ng Internal Revenue Service o sa iyong consultant sa buwis para sa impormasyon tungkol sa EIC.

## MALUGOD NA PAGTANGGAP SA IYONG TRABAHO BILANG ISANG INDIBIDUWAL NA TAGABIGAY NG MGA PANSUPORTANG SERBISYO SA TAHANAN (IHSS)

Inilalarawan nang maikli ng abisong ito ang mga benepisyong maaari mong makuha at ang iyong mga responsibilidad sa iyong buwis ng kita. Mangyaring maingat na basahin ang pamplet na ito. At saka, tandaan na ang iyong employer ay ang tumatanggap ng IHSS na kumuha sa iyo, hindi ang Estado ng California o ang County Welfare Department (CWD). Ibinibigay ng Estado ng California ang pamplet na ito at ang iyong mga paycheck sa ngalan ng iyong employer at ang CWD ang namamahala sa lahat ng dokumento.

Mangyaring makipag-ugnayan sa CWD kung mayroon kang anumang mga tanong tungkol sa iyong paycheck o timesheet. Palaging pirmahan at lagyan ng petsa ang iyong timesheet pagkatapos ng panahon ng pagbabayad (hindi bago nito), papirmahan din ito sa iyong employer at palagyan ng petsa, pagkatapos ay ipadala iyong timesheet sa address ng CWD na makikita sa kanang sulok sa ibaba ng timesheet para maiwasan ang anumang antala sa pagtanggap ng iyong paycheck. Tandaan: Palaging abisuhan ang CWD tungkol sa anumang pagbabago sa iyong address at/o numero ng telepono.

**Ang aking Service Worker ng County ay si:**

Pangalan ________________________

________________________________

Address ________________________

________________________________

Telepono ________________________

________________________________

**County ng:**

Para sa impormasyon
tungkol sa IHSS,
tumawag sa lokal na
county welfare department

**ESTADO NG CALIFORNIA**

**AHENSIYA NG MGA SERBISYO SA KALUSUGAN AT TAO**

**KAGAWARAN NG MGA SERBISYONG PANLIPUNAN**

PUB 104 (12/06)

# MGA PANSUPORTA NG SERBISYO SA TAHANAN (IN-HOME SUPPORTIVE SERVICES)

CDSS
CALIFORNIA
DEPARTMENT OF
SOCIAL SERVICES

## IMPORMASYON TUNGKOL SA MGA BENEPISYO AT SERBISYO NG INDIBIDUWAL NA TAGABIGAY NG SERBISYO.